Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
Bayan ng Lumban
**TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN**

**SIPI SA KATITIKAN NG PANGKARANIWANG PULONG NG KGG. SANGGUNIANG BAYAN NG LUMBAN, LAGUNA NA GINANAP SA BULWAGANG ATTY. BENJAMIN E. AGARAO SR. NOONG IKA-23 NG DISYEMBRE, 2020 SA GANAP NA IKA-11:17 NG UMAGA.**

**MGA DUMALO:**

| | |
|---|---|
| KGG. BELEN B. RAGA | -----------*Pangalawang Punumbayan/ Tagapangulo* |
| KGG. RHODA DM. RABIE | ----------- Kagawad |
| KGG. ROSE ANN R. AÑONUEVO | ----------- Kagawad |
| KGG. IRENEO R. BALDOVINO | ----------- Kagawad |
| KGG. GERONIMO P. SAMONTE JR. | ----------- Kagawad |
| KGG. SHERYLL TABLICO-GAURINO | ----------- Kagawad |
| KGG. ORLANDO R. DE LUNA | ----------- Kagawad |
| KGG. JOHN ALBERT RANA | ----------- Kagawad |
| KGG. EDGARDO B. GONZALES | ----------- Kagawad |
| KGG. ARIEL D. AÑONUEVO | ----------- Pangulo-LnB |
| KGG. RENZO L. MATIENZO | ----------- Pangulo-SKF |

## KAPASIYAHANG BLG. 122 T. 2020

**KAPASIYAHANG MAPITAGANG HUMIHILING SA PANGULO NG REPUBLIKA NG PILIPINAS, KGG. RODRIGO ROA DUTERTE SA PAMAMAGITAN NI MGGL. WENDEL E. AVISADO, KALIHIM - KAGAWARAN NG PAGBABADYET AT PAMAMANIHALA (DEPARTMENT OF BUDGET AND MANAGEMENT) NG TULONG PINANSIYAL NA ISANG DAANG MILYONG (P100,000,000.00) PISO UPANG ILAAN SA KONSTRUKSIYON NG TULAY SA BARANGAY WAWA LUMBAN, LAGUNA.**

**Akda ni: Kgg. Geronimo P. Samonte Jr.**

**SAPAGKAT,** kung magkakaroon ng katuparan ang konstruksiyon ng tulay, magiging madali para sa mga mamamayan ng Barangay Wawa ang magtungo sa kabila ng Ilog-Lumban patungo sa Barangay Concepcion;

**SAPAGKAT**, karamihan sa mga sakahan at taniman ng gulay at prutas ay matatagpuan sa kabila ng Ilog-Lumban, kung kaya malaking kaginhawahan sa mga magsasaka kung magkakaroon ng tulay na magdudugtong sa naturang lugar dahilan sa mas magiging mabilis ang pagpunta doon;

**DAHIL DITO**, sa mungkahi ni Kgg. Geronimo P. Samonte Jr. na pinangalawahan ni Kgg. Orlando R. De Luna at sinang-ayunan ng lahat nang dumalo, ay;

**IPINASIYA,** tulad ng dito'y ginawang **PAGPAPASIYA,** na mapitagang hilingin sa Pangulo ng Republika ng Pilipinas, Kgg. Rodrigo Roa Duterte sa pamamagitan ni Mggl. Wendel E. Avisado, Kalihim- Kagawaran ng Pagbabadyet at Pamamanihala **(**Department of Budget and Management**)** ng tulong pinansiyal na Isang Daang Milyong (P100,000,000.00) Piso upang ilaan sa konstruksiyon ng tulay sa Barangay Wawa Lumban, Laguna**.**

**IPINASIYA PA RIN**, na padalhan ng sipi ng Kapasiyahang ito ang tanggapan ng Pangulo ng Republika ng Pilipinas Kgg. Rodrigo Roa Duterte at ang Kagawaran ng Pagbabadyet at Pamamanihala na pinamumunuan ni Mggl. Wendel E. Avisado at sa mga kinauukulang tanggapan para sa kanilang kabatiran at wastong hakbang.

**PINAGTIBAY,** ngayon ika-23 ng Disyembre, 2020**.**

**PINATUTUNAYAN KO** ang kawastuan at katumpakan ng kapasiyahang ito.

**CORAZON B. PADUA**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

Nagpatotoo:

**BELEN B. RAGA**
Pangalawang Punumbayan/Tagapangulo ng Sesyon

Pinagtibay:

**ROLANDO G. UBATAY**
Punumbayan

*Xcerpt122320Res122*